Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

Office of the Schools Division
Superintendent

JUL 08 2025

**MEMORANDUM**

**SABAYANG PAGBIGKAS AT KATUTUBONG SAYAW**

To: OIC – Assistant Schools Division Superintendent/
Chief Education Supervisor, School Governance and Operations Division
Chief Education Supervisor, Curriculum Implementation Division
Public Elementary and Secondary School Heads/OICs
Administrative Officer V
All Others Concerned

1. Attached is a letter from MS. SARAH P. BENDAÑA, OIC-Department Head, Tourism, Culture and Arts Department (TCAD), dated July 2, 2025, on the above-captioned title, the contents of which are self-explanatory, for the information and guidance of all concerned.

2. Particular attention is invited to the attached contest mechanics of the said Letter.

3. Immediate and wide dissemination of this Memorandum is desired.

**VIOLETA M. GONZALES**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

Encl: As stated
Reference:
To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects

/GAMES SCHOOLS LEARNERS TRAINING
ECE/

290
UN-2025-290 SABAYANG PAGBIGKAS AT KATUTUBONG SAYAW
July 2, 2025

290

Republic of the Philippines
**CITY GOVERNMENT OF MUNTINLUPA**
**Tourism, Culture, and the Arts Department**

Hunyo 30, 2025

RECEIVED BY: 7/2/25 - 2:22pm
MARLON A. SALONGA
SDO-MUNTINLUPA (RECORDS UNIT)

**Gng. Dr. VIOLETA M. GONZALES, CESO VI**
Pinuno ng Tanggapan
Tanggapang ng Sangay ng mga Paaralan

Sa pamamagitan nina:
**G. Dr. JOHN ALBERT B. COLLE**
Tagapamahala ng Programa sa Filipino

**G. EDISON C. ENERLAS**
Tagapamahala ng Programa sa MAPEH

Mahal na Gng. Gonzales:

Bilang bahagi ng pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa at Kasaysayan** ngayong darating na Agosto, ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa, sa pamamagitan ng Tanggapan ng Kagawaran ng Turismo, Kalinangan, at ng mga Sining (TCAD), ay magsasagawa ng paligsahan sa **Sabayang Pagbigkas** at **Katutubong Sayaw** na may layuning linangin at ipamalas ang husay at talento ng mga mag-aaral sa ating lungsod.

Kaugnay nito, kami ay magalang na humihingi ng inyong suporta upang maipabatid at maimbita ang mga paaralan na lumahok. Ang kompetisyon ay gaganapin sa **Agosto 30, 2024**, sa **SM Center Muntinlupa**. Ang pagpapatala ay magsisimula sa **Hulyo 21-31, 2025.**

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay Bb. Kyle Bejasa:

a) sulatroniko : tcad@muntinlupacity.gov.ph
b) teleponong bilang : 8256-3128 loc 103

Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**SARAH P. BENDAÑA**
Tumatayong Pinuno
Kagawaran ng Turismo, Kalinangan at ng mga Sining

TCAD Reference No. : 2025-326|kgb

## MEKANIKS PARA SA KOMPETISYON NG KATUTUBONG SAYAW

1. Ang mga kalahok ay mga **mag-aaral mula Baitang 7-12** na magmumula sa pampubliko at pribadong paaralan sa Lungsod ng Muntinlupa.
2. Kinakailangang magsumite ng pagpapatunay buhat sa Punong-guro ng Paaralan na pinapayagan sumali sa patimpalak.
3. Ang bawat paaralan ay mayroon lamang **(1) isang grupo** na isasali na binubuo ng hindi lalagpas sa **labinlimang (15)** miyembro.
4. Ang unang **sampung (10) pangkat** lamang ang tatanggapin batay sa tuntunin ng ***"First Come, First Served Basis".***
5. Ang bawat pangkat ay pipili ng sayaw na mula sa **Luzon, Visayas, o Mindanao** na kinakailangang isumite sa araw ng pagpapatala.
6. Ang aming tanggapan ang magbibigay ng piyesa ng tugtog at literatura ng sayaw, mangyari lamang na magdala ng *flashdrive* sa araw ng pag-papatala.
7. Kinakailangang magkaroon ng *tech-person* ang bawat pangkat sa araw ng pagtatanghal.
8. Ang mga kalahok ay huhusgahan ayon sa mga sumusunod:

| **PANUNTUNAN** | **BAHAGDAN (%)** |
|---|---|
| Wastong Interpretasyon | 40% |
| Kaangkupan ng Kasuotan sa Sayaw | 20% |
| Presentasyon | 30% |
| Eksekyusyon | 15% |
| Pagkakasabay-sabay | 15% |
| Hikayat sa Madla | 10% |
| **TOTAL** | **100%** |

9. Ang mga Kalahok ay tatanggap ayon sa:

| **GANTIMPALANG SALAPI** | |
|---|---|
| Kampyon + Tropeyo | 20,000.00 |
| Unang Pwesto + Tropeyo | 15,000.00 |
| Ikalawang Pwesto + Tropeyo | 10,000.00 |
| Natatanging Kasuotan | 3,000.00 |
| Pakonswelo | 5,000.00 |

10. Ang pagpapatala ay magsisimula sa **Hulyo 21 - 31, 2025 8:00 ng umaga – 3:00 ng hapon lamang**. Ang pagpapatala ay sa **Museo ng Muntinlupa**, hanapin si G. Arnel Enriquez.
11. Matapos magparehistro, hindi na papayagan ang pag-baback out nang walang makatwirang dahilan.
12. Ang araw ng kompetisyon ay sa **Agosto 30, 2025**, na gaganapin sa **SM Center Muntinlupa.**
13. Ang desisyon ng mga hurado ay **PINAL AT MANANAIG**.

## Mekaniks para sa Kumpetisyon ng Sabayang Pagbigkas

**I. Mga Kalahok**

1. Bukas ang patimpalak sa lahat ng mag-aaral mula sa **Baitang 7 hanggang 12** sa mga pampubliko at pribadong paaralan sa Lungsod ng Muntinlupa.
2. Kinakailangang magsumite ng **opisyal na sulat ng pagpapatunay** mula sa Punong-Guro na pinapahintulutan ang kanilang pagsali sa patimpalak.
3. Isang (1) grupo lamang ang maaaring irepresenta ng bawat paaralan, na binubuo ng **dalawampung (20)** mag-aaral.
4. **Unang sampung (10)** pangkat lamang ang tatanggapin batay sa patakarang **"First Come, First Served."**

**II. Piyesa at Paghahanda**

5. Isang piyesa lamang ang gagamitin. Ang opisyal na kopya nito ay ipapamahagi sa araw ng pagpapatala.
6. Pinahihintulutan ang paglalapat ng **himig, tunog, awitin**, at **choreography**, ngunit kinakailangan ang **tech-person** sa araw ng pagtatanghal para sa teknikal na aspeto.
7. Ipinagbabawal ang paggamit ng mga sumusunod:
    - Pintura (na ipinapahid sa katawan sa araw ng kompetisyon)
    - Live fire
    - Smoke machine
    - Glass material props
    - Props na **lalagpas sa 7 talampakan** ang taas
8. Ang bawat pagtatanghal ay dapat tatagal lamang ng **sampung (10) minuto.** Bawat minuto ng paglampas ay may katumbas na bawas na 1 punto mula sa kabuuang iskor.
9. Maaaring gumamit ng anumang **angkop na kasuotan** ayon sa tema ng piyesa.

**III. Pamantayan ng Paghusga**

| **PANUNTUNAN** | **BAHAGDAN (%)** |
|---|---|
| Interpretasyon | 40% |
| Presentasyon | 60% |
| Kalidad, Indayog at Kaisahan ng tinig | 40% |
| Kasuotan, Props at iba pang sangkap | 10% |
| Dating sa Madla | 10% |
| **TOTAL** | **100%** |

**V. Premyo:**

| **GANTIMPALANG SALAPI** | |
|---|---|
| Kampyon + Tropeyo | 20,000.00 |
| Ikalawang Pwesto + Tropeyo | 15,000.00 |
| Ikatlong Pwesto + Tropeyo | 10,000.00 |
| Natatanging Kasuotan | 3,000.00 |
| Pakonswelo | 5,000.00 |

**VI. Pagpaparehistro**

10. Ang pagpapatala ay magsisimula sa **Hulyo 21 - 31, 2025**, **8:00 ng umaga – 3:00 ng hapon lamang**. Ang pagpapatala ay sa **TCAD Office, Museo ng Muntinlupa, Centennial Avenue, Tunasan, Muntinlupa**, hanapin si Bb. Kyle Gundaya Bejasa.
11. Matapos magparehistro, hindi na papayagan ang pag-baback out nang walang makatwirang dahilan.

**VII. Araw ng Kumpetisyon**

12. Gaganapin ang kumpetisyon sa **Agosto 30, 2025**, sa **SM Center Muntinlupa**.
13. Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi na maaaring kuwestyunin.